



TOMÁS J. ARAGÓN, M.D., Dr.P.H.
Direktor & Opisyal ng Pampublikong Pangkalusugan

Estado ng California—Ahensiya ng Serbisyong
Pangkalusugan at Pangkatauhan
Departamento ng Pampublikong
Pangkalusugan ng California



GAVIN NEWSOM
Gobernador

Hulyo 28, 2023

PARA SA:

Mga Tauhan sa mga Lugar ng Pangangalagang Pangkalusugan

PAKSA:

Patnubay para sa mga Mask bilang Pagkontrol sa Pinangmumulan (Source Control) sa Mga Lugar ng Pangangalagang Pangkalusugan

Kaugnay na mga Materyales: [Sulitin ang Paggamit ng Mask](#) | [Face Coverings Fact Sheet \(Fact Sheet para sa mga Takip sa Mukha\)\(PDF\)](#) | [Lahat ng Patnubay](#) | [Iba pang mga Wika](#)

Kasaysayan

Ang de-kalidad at angkop na mga mask ay [epektibo sa pagbabawas ng panganib ng paghahatid ng mga impeksyon sa respiratoryo \(kabilang ang COVID-19\)](#) at ito ay isang mahalagang bahagi ng isang komprehensibong estratehiya upang mabawasan ang panganib ng pagkakasakit, pagka-ospital, at pagkamatay mula sa COVID-19 at iba pang impeksyon sa paghinga. Ang mga mask ay maaaring magbigay ng parehong [pagkontrol sa pinagmumulan](#) at personal na proteksyon sa loob ng mga lugar ng pangangalagang pangkalusugan.

Nilalayan ng dokumentong ito na magbigay ng impormasyon na dapat isaalang-alang ng mga lugar ng pangangalagang pangkalusugan ng California kapag bumubuo at nagpapatupad ng kanilang sariling mga planong partikular sa pasilidad tungkol sa paggamit ng mask para sa pagkontrol sa pinagmumulan, batay sa populasyon ng kanilang pasyente, mga pagsasaalang-alang sa pasilidad, at mga sukatan ng paghahatid ng mga mikrobyo sa respiratoryo (respiratory virus). Ang [Centers for Disease Control and Prevention \(CDC\) \(Sentro ng Kontrol at Pag-iwas sa Sakit\)](#) ay nagbibigay ng mga karagdagang rekomendasyon para sa mga pasilidad kung kailan ipapatupad ang mas malawak na paggamit ng mask para sa pagkontrol sa pinagmumulan. Ang mga lokal na hurisdiksyon sa kalusugan at iba pang mga entidad ay maaaring magpatupad ng mga kinakailangan na higit pa sa buong estadong patnubay na ito batay sa lokal na mga sitwasyon.



Sa lugar na pinagtrabahuan, ang mga empleyado ay napapasailalim sa [Cal/OSHA COVID-19 Hindi Pang Emerhensiyang mga Regulasyon](#) o sa ilang mga lugar na pinagtrabahuan ang [Cal/OSHA Aerosol Transmissible Diseases \(ATD\) Standard \(Pamantayan ng Cal/OSHA sa Sakit na Naipapasa sa Hangin\)](#) (PDF) at kailangan na sumunod sa mga regulasyon para sa karagadagang nalalapat na kinakailangan.

Mga pagsasaalang-alang para sa mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan kapag tinatasa ang mga lokal na sitwasyon at pagbuo ng sarili nilang mga plano para magrekomenda o mangailangan ng paggamit ng mask para sa pagkontrol sa pinagmumulan sa mga lugar ng pangangalagang pangkalusugan

[Ang paggamit ng mask para sa pagkontrol sa pinagmumulan](#) ay kinabibilangan ng paggamit ng angkop na mga facemask o respirator upang takpan ang bibig at ilong ng isang tao upang maiwasan ang pagkalat ng mga mikroboyong galing sa hininga kapag sila ay humihinga, nagsasalita, bumabahing, o umuubo. Ang paggamit ng mga tauhan ng pangangalagang pangkalusugan (Health Care Personnel o HCP) ng mga mask para sa pagkontrol sa pinagmumulan ng mga impeksyon sa respiratoryo sa mga lugar ng pangangalagang pangkalusugan ay may dalawang layunin:

1. Pagkontrol sa pinagmumulan para protektahan ang mga pasyente/residente: pigilan na makahawa ang HCP sa mga pasyente o residente, lalo na sa mga hindi nakakapagsuot ng mask para protektahan ang kanilang sarili o may mas mataas na panganib ng malalang sakit o kamatayan mula sa impeksyon.
2. Pagkontrol sa pinagmumulan para protektahan ang mga katrabaho: pigilan ang HCP na makahawa sa ibang HCP kapag hindi sila nakasuot ng respirator.

Mga lokal na sitwasyon na maaaring isalang-alang ng mga pasilidad ng pangangalaga sa kalusugan kapag bumubuo ng mga plano tungkol sa paggamit ng mask para sa pagkontrol sa pinagmumulan para sa HCP na kasama ang (ngunit hindi limitado sa):

- Ang populasyon ng pasyente/residente na madaling maapektuhan ng COVID-19, trangkaso, at iba pang impeksyon sa respiratoryo.
- Kakayahang mapanatili ang dami ng tauhan kung marami sa mga tauhan ang may sakit na COVID-19, trangkaso, o iba pang impeksyon sa paghinga.
- Lokal na transmisyon ng mga impeksyon sa respiratoryo at [mga antas ng pagpasok sa ospital dahil sa COVID-19](#).
- Ang epekto ng bagong mga mikrobyo, mga variant, o mga strain sa kasalukuyang proteksyon sa imyunidad.

Inilalarawan ng maraming mga ulat ang pagbaba ng mga impeksyon sa respiratoryo na nauugnay sa pangangalagang pangkalusugan na pansamantalang nauugnay sa paggamit ng mask para sa pagkontrol sa pinagmumulan [1][2]. Ang ilang eksperto sa pagkontrol sa impeksyon ay nagsusulong ng paggamit ng mask ng HCP bilang bahagi ng Mga Karaniwang Pag-iingat para sa lahat ng nakaka-engkwentro ng pasyente [3][4].

Upang itaguyod ang kaligtasan ng pasyente/residente at maiwasan ang paghahatid ng mga impeksyon sa respiratoryo na nauugnay sa pangangalagang pangkalusugan, maaaring isaalang-alang ng mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ang pagpapatupad ng mga kinakailangan sa paggamit ng mask para sa pagkontrol sa pinagmumulan para sa HCP sa ilang partikular na aktibidad o oras.

Maaaring kabilang dito ang mga kinakailangang magsuot ng mga mask ang HCP:

- Sa lahat ng pakikipag-ugnayan sa pasyente/residente.
- Sa ilang partikular na lokasyon sa loob ng pasilidad at populasyon ng pasyente/residente, tulad ng mga lugar ng pasilidad na tinitirhan ng mga pasyente o residente na may pinakamataas na panganib.
- Sa panahon ng pana-panahong aktibidad o tumaas na mga hakbang sa komunidad ng COVID-19 at iba pang impeksyon sa respiratoryo (hal., trangkaso).
- Kung sakaling magkaroon ng outbreak o transmisyon sa loob ng pasilidad, mataas na antas ng pasyente/residente o mga impeksyon sa paghinga ng HCP, o mataas na antas ng pagliban ng tauhan. Sa panahong ito, maaaring isaalang-alang ng mga pasilidad sa pangangalagang pangkalusugan ang pagtaas sa antas ng kontrol sa pinagmumulan at proteksyon mula sa mga mask na ginagamit sa operasyon tungo sa isinukat na N95 respirator.

Ang paggamit ng mask para sa pagkontrol sa pinagmumulan para sa HCP kasunod ng pagkakalantad sa isang taong may impeksyon sa COVID-19

Ang California Department of Public Health (CDPH) (Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California) [ay patuloy na inirerekomenda](#) na ang mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ay kailanganin ang HCP na nagkaroon ng [pagkalantad](#) sa isang taong may COVID-19 at nagtatrabaho sa panahon ng kanilang katatapos na pagsusuri, na magsuot ng N95 respirator para sa pagkontrol sa pinagmumulan sa lahat ng oras habang nasa pasilidad hanggang sa magkaroon sila ng negatibong resulta ng pagsusuri sa o pagkatapos ng araw na 5.

Bilang karagdagan, ang lahat ng HCP na may pinaghihinalaan o nakumpirma na may impeksyon sa respiratoryo ay dapat manatili sa bahay at hindi alagaan ang mga pasyente kapag may sakit. Ang HCP na dapat manatili sa trabaho na may pinaghihinalaan o nakumpirma na may impeksyon sa paghinga ay maaaring kailanganin na gumamit ng mask para sa pagkontrol sa pinagmumulan.

Paggamit ng mask sa pagkontrol ng pinagmumulan para sa HCP at mga kinakailangan sa pagbabakuna

Sa mga hurisdiksyon o pasilidad kung saan ang paggamit ng mask para sa pagkontrol sa pinagmumulan ay kinakailangan sa lahat ng HCP sa mga lugar ng pangangalaga ng pasyente/residente o mga pakikipag-ugnayan, ang mga karagdagang kinakailangan para sa HCP na hindi pa nabakunahan ay maaaring ilapat sa buong pasilidad, kabilang ang mga lugar ng pangangalagang hindi pasyente/residente.

Paggamit ng mask ng mga bisita para sa pagkontrol sa pinagmumulan

Maaaring isaalang-alang ng mga pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan ang pagpapatupad ng mga patakaran sa paggamit ng mask ng mga bisita para sa pagkontrol sa pinagmumulan batay sa parehong lokal na katayuan gaya ng para sa HCP tulad ng nakalista sa itaas, tulad ng paghahatid ng mga mikrobyo sa respiratoryo sa komunidad, mga lumilitaw na variant, at ang bilang ng mga may sakit na tauhan.

- Sa pangkalahatan, dapat hilingin sa mga bisita na ipagpaliban ang kanilang pagbisita kung mayroon silang mga sintomas ng impeksyon sa paghinga o iba pang nakakahawang sakit o kamakailan lamang ay nagkaroon ng malapit na pakikipag-ugnayan sa isang taong may impeksyon sa COVID-19 sa loob ng nakalipas na 10 araw.
 - Kung mahalaga ang pagbisita (hal., pagtatapos ng buhay), kailangan ng mga pasilidad na magsuot ng mask ang mga bisita kung mayroon silang mga sintomas sa

respiratoryo, impeksyon, o nagkaroon ng malapit na pakikipag-ugnayan kamakailan sa isang taong may impeksyon sa COVID-19 sa loob ng nakaraang 10 araw.

- Para sa mga pasilidad tulad ng mga pasilidad ng skilled nursing na maaaring magpasyang magpatupad ng mga patakaran sa paggamit ng mga bisita ng mask, hindi maaaring tanggihan ng mga pasilidad ang [pagbisita](#) (PDF) kung ang isang bisita ay tumangging mag-mask[5].
- Sa ganoong sitwasyon, ang pasilidad ay dapat mag-alok ng mga alternatibo tulad ng pagbisita sa labas sa isang itinalagang lugar at/o malayo sa ibang mga pasyente.

Kusang-loob na paggamit ng mga respirator sa mga sitwasyon kung saan ang mga surgical mask ay kinakailangan para sa pagkontrol sa pinagmumulan

Sa mga sitwasyon kung saan ang mga surgical mask ay kinakailangan para sa pagkontrol sa pinagmumulan, ang boluntaryong paggamit ng isang [respirator](#) ay nagbibigay ng mas mataas na pagkontrol sa pinagmumulan at proteksyon para sa nagsusuot. Hindi nito pinapalitan ang anumang mga kinakailangan para sa paggamit ng respirator sa ilalim ng [Cal/OSHA COVID-19 Non-Emergency Regulations \(Mga Regulasyon ng Cal/OSHA sa Hindi-Emerhensiya na COVID-19](#) o ng [amantayang ATD](#) (PDF).

Mga Pagsangguni

[1] Seidelman JL, DiBiase L, Kalu IC, Lewis SS, Sickbert-Bennett E, Weber DJ, Smith BA. [Ang epekto ng isang komprehensibong pinagsamang pag-iwas sa impeksyon sa respiratoryo sa mga COVID-19 na hindi nakuha sa ospital \(hospital-acquired respiratory viral infection o HA-RVI\) rate.](#) Infect Control Hosp Epidemiol. 2022 Jun 2:1-3. doi: 10.1017/ice.2022.137. Epub ahead of print. PMID: 35652146.

[2] Woolbert ME, Spalding CD, Sinaii N, Decker BK, Palmore TN, Henderson DK. [Mabilis na pagbaba sa mga antas ng deteksyon ng mikrobyo sa respiratoryo ng komunidad sa mga pasyente sa National Institutes of Health Clinical Center \(Pambansang Institusyon ng Sentro ng Klinikang Kalusugan\) sa panahon ng pandemyang sakit na coronavirus 2019\(COVID-19\).](#) Infect Control Hosp Epidemiol. 2023 Jan;44(1):62-67. doi: 10.1017/ice.2022.31. Epub 2022 Feb 18. PMID: 35177161; PMCID: PMC9021590.

[3] Kalu IC, Henderson DK, Weber DJ, Haessler S. [Balik sa kinabukasan: Muling pagtukoy sa "pangkalahatang pag-iingat" upang isama ang paggamit ng mask para sa lahat ng engkwentro sa mga pasyente.](#) Infect Control Hosp Epidemiol. 2023 Feb 10:1-2. doi: 10.1017/ice.2023.2. Epub ahead of print. PMID: 36762631.

[4] Palmore TN, Henderson DK. [Para sa Kaligtasan ng Pasyente, Hindi pa Oras na Magtanggali ng mga Mask sa mga Lugar ng Pangangalagang Pangkalusugan.](#) Ann Intern Med. 2023 May 16. doi: 10.7326/M23-1190. Epub ahead of print. PMID: 37186917.

[5] [Centers for Medicare and Medicaid Services \(Mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid\).](#) Dokumentong [Your Rights and Protection as a Nursing Home Resident \(Ang Iyong Mga Karapatan at Proteksyon bilang isang Residente sa Nursing Home\).](#) (PDF) 2022 July 7.

Originally published on July 28, 2023